



*Praktikal na Gabay para sa
Mamamahayag sa mga Isyu ng mga
Katutubong Mamamayan sa Asya*



Praktikal na Gabay para sa Mamamahayag sa mga Isyu ng Katutubong Mamamayan sa Asya

Karapatang Magpalathala Asia Indigenous People's Pact (AIPP 2014)

Ang mga nilalaman ng librong ito ay maaaring kopyahin at ipamahagi para sa hindi komersyal na layunin, kung ito ay ipinagbigay-alam sa AIPP bilang pinagmulan.

Nilimbag ng:

Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP)

108 Moo 5, Tambon Sanpranate, Amphur Sansai,
Chiang Mai 50210, Thailand

website: www.aippnet.org, www.iva.aippnet.org,
www.ccm.in.aippnet.org, www.iphrdefenders.net

E-mail: aippmail@aippnet.org

Sinusuportahan ng: The Swedish International Development Cooperation Agency (SIDA)

ISBN: 978-616-7898-01-8

Mungkahing sitasyon: AIPP. 2014. Practical Guide for Media Practitioners on Indigenous Peoples' Issues in Asia. Asia Indigenous Peoples Pact. Chiang Mai, Thailand

Isinulat ni: Jacqueline K. Cariño

Disenyo ng layout: AIPP printing Press

Pagtatatuwa: Ang nilalaman nitong publikasyon ay tanging responsibilidad ng Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP) at hindi, sa ano mang paraan, maaring ituring na repleksyon ng posisyon ng donor na binanggit sa itaas.

Inilimbag ng: AIPP Printing Press Co., Ltd.

www.aippprinting.com



The printing press has been established with support from the European Union's European Instrument for Democracy and Human Rights



***Praktikal na Gabay para sa
Mamamahayag sa mga Isyu ng mga
Katutubong Mamamayan sa Asya***

Inilimbag ng:

Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP)

Sinusuportahan ng:

The Swedish International Development Cooperation Agency (Sida)

Hunyo 2014

Indigenous Voices in Asia Network (IVAN)



Ating Boses, Ating Karapatan

Itinatag ng Asia Indigenous Peoples Pact ang Indigenous Voices in Asia Network (IVAN) noong Hulyo 2013. Ang IVAN ay isang tungtungan upang itaguyod ang pagkakaisa at pakikipagtulungan sa pagitan ng katutubo at hindi katutubo na mamamahayag at mga aktibista para sa karapatan ng mga katutubo na nagsusulong at nagtatanggol ng malayang pamamahayag, malayang impormasyon, at karapatan ng mga katutubo at demokrasya sa Asya.

Ang aming mga Layunin

1. *Upang i-angat ang bisibilidad at makakalap ng mas malawak ng atensyong publiko sa mga isyu at interes ng mga katutubong mamamayan gamit ang lahat ng porma ng midya;*
2. *Upang itaguyod at ipagtanggol ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan para sa kalayaan ng media at maabot sa lahat ng porma ng midya;*
3. *Upang mapakilos ang midya sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga makabuluhang impormasyon sa mga katutubong mamamayan sa Asya gamit ang iba't-ibang porma ng midya, tungo sa paglikha ng mas mahusay na pag-unawa at atensyon sa mga mga isyu at karapatan ng mga katutubong mamamayan;*
4. *Upang pagtibayin ang kakayahan ng mga katutubong mamamayan upang mabisang makipag-ugnay sa midya at makapagtatag ng kanilang sariling midya;*
5. *Upang makapagbigay ng suporta sa mga manggagawa sa midya para sa kanilang seguridad at iba pang interes.*



Ang aming mg Gawain

1. *Magbahagi at patanyagin ng impormasyon ukol sa isyu ng mga katutubong mamamayan sa mga kasapi nitong mga bansa;*
2. *Bigyang kapangyarihan ang mga manggagawa sa midya at ang mga aktibista para sa karapatan ng mga katutubong mamamayan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga aktibidad na magpapa-unlad sa kanilang kakayanan;*
3. *Pakikipag-ugnayan sa mga pambansang pamahalaan at rehiyonal na mekanismo para magkaroon ng mas malawak na kakayanan makapasok ang mga katutubong propesyonal at mga aktibistang pangkarapatan sa impormasyon at sa karapatan sa komunikasyon/midya*
4. *Pagbubuo ng mga network at pakikipagkaisa sa mga mainstream media para sa dagdag na pagkakaunawa at sensitibidad sa mga isyung pang-katutubo*
5. *Matulungan ang mga katutubong komunidad na makapagtatag at mangasiwa ng kanilang sariling empresang pang-midya.*

Mga Nilalaman

PANIMULA.....1

SINO ANG MGA KATUTUBONG MAMAMAYAN SA ASYA?.....7

ANO ANG MGA KARAPATAN NG MGA KATUTUBONG
MAMAMAYAN?.....15

ANO ANG MGA KARANIWANG ISYU NA KINAKAHARAP
NG MGA KATUTUBO SA ASYA?.....2

PRAKTIKAL NA PANUNTUNAN PARA SA MGA
MANGGAGAWA SA MIDYA.....27

MGA REKOMENDASYON PARA SA KARAGDAGANG
PAGPAPAUNLAD NG MEDIA COVERAGE SA MGA ISYU
NG KATUTUBONG MAMAMAYAN.....3

CONTACTS NG MGA MAYOR NA ORGANISASYON NG
MGA KATUTUBONG MAMAMAYAN SA ASYA.....4



Panimula

Anu-ano ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga katutubong mamamayan sa pagbabalita ng midya ng

Ang mga katutubong mamamayan ay bumubuo sa malaking bahagdan ng mga mahihirap at bulnerableng populasyon sa Asya. Ang kanilang bulnerabilidad ay nagmumula sa sitwasyong sila ay madalas naisasantabi sa mga pang-ekonomikong programa ng mga Estado, at walang pampulitikang partisipasyon sa kani-kanilang mga bansa sa rehiyon.

Ang mga katutubong mamamayan sa Asya ay karaniwang may limitadong oportunidad upang maipagbigay-alam ang kanilang mga hinaing at makabahagi sa mga debateng publiko. Ang isang salik na nakaambag sa ganitong sitwasyon ay ang kakulangan ng impormasyon at hindi sapat na daluyan ng komunikasyon upang maipahayag nila ang kanilang pananaw at makapag-impluwensya ng opinyong publiko. (UNDP 2012) Ang mga katutubong komunidad at organisasyon ay kailangang mabigyan ng mas maraming pamamaraan upang marinig ang kanilang mga tinig.

Sa kasalukuyan, ang mga katutubong mamamayan ay kalakhang umaasa sa pangunahin at tanyag na midya upang iulat ang kanilang mga usapin. Subalit, ang kalagayan ng pagbabalita ng mga panguhahing institusyong pang-midya sa mga katutubong mamamayan ay malayo sa ideyal. Isang katotohanan na ang mga isyu ng mga katutubong mamamayan ay nananatiling mababa ang antas ng pagbabalita sa kanila sa tradisyonal na pangunahing

media. Maliit na bahagdan lamang sa maraming balita sa rehiyon ang tumatalakay sa mga usapin ng mga katutubong mamamayan. Karaniwang mga kahindik-hindik o kagulat-gulat na kaganapan lamang, tulad ng mga pagpatay o mga malalaking mobilisasyon ng mga katutubo ang nagpapataas ng pagbabalita ng mga tanyag na institusyon ng midya sa mga isyu nila (JHR 2013)

Habang ang mga mahahalagang isyu tulad ng pagbabago ng klima, kapaligiran, karapatan sa lupa at kultura ay naibabalita sa mga pahayagan, may kakulangan sa paglalathala ng mga pananaw ng mga katutubo sa mga isyung ito, at ang mga partikular na epekto ng mga mahahalagang isyung ito sa kanilang buhay.

Malimit na ang mga katutubo ay isinasalarawan ng midya bilang sangkap sa pang-akit ng mga turista, na nagmamaliit at kinakalakal ang katutubong kultura, at niroromantisa ang katutubong paraan ng pamumuhay. Kadalasan, ipinapakita ang mga katutubong kababaihan sa kanilang marilag na kasuotan, na maaring tumungo sa pagsasamantalang sekswal.

Dagdag pa, ang mga katutubong organisasyon ay karaniwang walang sapat na rekurso at kakayanan upang makapagtayo ng sariling pasilidad pang-midya upang sila mismo ang makapagpakita ng kanilang mga kalagayan at magpahayag ng sarili nilang tinig. Sa mga ilang kasong mayroong ganitong pasilidad, hindi namamaksimisa ang mga ito ng mga katutubong komunidad para sa epektibong pulitikal na adbokasiya. (UNDP 2012)

Anu-ano ang mga hamong kinakaharap ng mamamahayag sa pag-uulat ng mga isyu ng katutubong mamamayan?

Marami pang kailangan paunlarin sa paggamit ng mga daluyan sa mga pangunahing midya para sa pananaliksik at pagpapakalat ng impormasyon hinggil sa mga isyu ng mga katutubo. Maraming mamamahayag at manggagawa sa midya na kulang ang kaalaman at kakayanan upang mas epektibo at sensitibo silang mapapag-ulat sa mga isyu ng katutubong mamamayan sa mga tanyag at pangunahing midya.

Ang isang hamon ay ang kakulangan ng batayang pag-unawa sa mga isyu ng mga katutubo sa hanay ng mga manggagawa sa midya. Halimbawa, karaniwang hindi napapahalagahan ang mga ginagampanang bahagi ng mga katutubong mamamayan sa likas-kaya at patas na pag-unlad, o sa katutubong karapatan at kultura na likas na kolektibo. Kung gayon, marami sa mga isyu ng mga katutubong mamamayan ay nananatiling hindi naiuulat ng mga tanyag at pangunahing institusyon ng midya, o di kaya'y mali ang pagsasalarawan, nangungutya, nagkakahon o nagroromantisa sa kanila.

Ang kakulangan sa kaalaman sa mga pagkakaiba ng katutubo at hindi-katutubong kultura ay isa pang hamon na maaring magresulta sa maling pagkatawan sa katutubong mamamayan o pag-uulat ng nakalalapastangan sa kanila. (ABC Message Stick 2008)

Ang negatibo o baluktot na pagsasalarawan sa mga katutubong mamamayan ay nananatiling laganap, kahit na ang ilang organisasyon ng midya ay

sumusubok na gawing balanse ang tingig ng kanilang pagbabalita. Ang mga opinyon ng mga mamamahayag, kolumnista, at iba pa ay madalas naka-ugat sa daantaong estereotipya at hindi sa katotohanan. (Plater)

Sa ilang mga bansa o sa ilang partikular na pagkakataon, ang mga tanyag at pangunahing midya ay pumapailalim sa pagususuri ng pamahalaan, at kailangan ng mga mamamahayag na sensurahin ang sarili sa kanilang mga ulat o artikulo lalo na pag ito ay kritikal sa pamahalaan.

Ano ang papel na ginagampanan ng mga mamamahayag sa pagtataguyod ng mga

Ang mga mamamahayag ay may mahalagang papel na ginagampanan upang itaguyod ang masaklaw na partisipasyon ng mga katutubong mamamayan sa pampublikong kapakanan, midya, at iba pang daluyan ng impormasyon. Ang midya at impormasyon at ang teknolohiyang pang-komunikasyon ay nagbibigay ng malaking potensyal para maibsan ang mga suliranin na nakakaambag sa pagsasantabi sa mga katutubong mamamayan.

Ang midya ay makapagbubukas ng mga daluyan upang ang mga tinig, pananaw, kalagayan, suliranin at mga alternatibo ng mga katutubong mamamayan ay marinig. Mahalaga para sa mga mamamahayag na bigyan ng mas malaking kunsiderasyon ang pag-uulat ng mga isyu ng mga katutubong mamamayan, para matugunan at mapigilan ang panlipunang pambubukod at mababang partisipasyon ng mga katutubong mamamayan sa larangang publiko.

Bakit kailangan ang gabay na ito?

Ang praktikal na patnubay para sa mamamahayag ay nilalayon na magbigay ng batayang kaalaman, gabay, at paalala na magagamit para sa epektibo at magalang na pagbabalita sa mga isyu ng mga katutubong mamamayan sa Asya. Kailangan ng mas malaking pagsisikap para mapagbuti ang pag-uulat sa mga katutubong usapin upang maisalarawan ang mga katutubong mamamayan sa pamamaraan tunay na sumasalamín sa kanilang kalagayan at kaibhan ng kanilang mga kultura.

Walang iisang panuntunan na aplikable sa lahat ng mga katutubo o sa lahat ng sitwasyon. Subalit, ang patnubay na ito ay magbibigay ng ilang batayan at prinsipyo upang matulungan ang mamamahayag na makahanap ng pinakamabuting pamamaraan upang manaliksik, pumanayam, magsulat at maglathala ng mga artikulo na tumatalakay sa mga katutubong mamamayan.

Ang mga partikular na layunin ng praktikal na patnubay na ito ay ang mga sumusunod:

1. Upang ipadamdam sa mga mamamahayag ng mga karapatan at isyu mga katutubong mamamayan; at
2. Upang hikayatin ang mga mamamahayag na mag-ulat sa mga isyu ng katutubong mamamayan.



**Sino ang mga
katutubong
mamamayan ng Asya?**

Ano ang kahulugan ng katutubong mamamayan?

Ayon kay Rodolfo Stavenhagen, Espesyal na Tagapag-ulat sa Karapatan ng mga Katutubong Mamamayan ng UN mula 2001-2008:

“Ang mga katutubong komunidad, mamamayan, at nasyon ay ang (mga), kalipunan ng mamamayan na nakapagpa-unlad ng kanilang mga teritoryo dahil sa makasysayang pagpapatuloy ng lipunang nabuo bago ang kolonisasyon at pananakop, at itinuturing ang mga sarili na naiiba sa ibang sektor ng lipunan sa teritoryong kanilang sinasakupan o mga bahagi nito. Sila ang kasalukuyang bumubuo ng hindi-nangingibabaw na sektor ng lipunan ng may determinasyong pangalagaan, paunlarin, at maipalipat sa sunod na salinlahi ang mga lupaing ninuno at ang kanilang pang-etnikong pagkakilanlan bilang batayan ng kanilang patuloy na pag-iral bilang mamamayan, na naayon sa kanilang kultural na disenyo, institusyong panlipunan at mga sistemang ligal.” (AIPP, IWGIA 2010)

Anu-ano ang mga termino na ginagamit upang tukuyin ang mga katutubong

Sa pangunahin, ang katawagan na ginagamit ng mga katutubong mamamayan ay ang mga pangalan na ibinigay ng kanilang mga ninuno, habang ang ilan naman ay ginagamit ang katawagang nakaugnay sa pangalan ng mga lugar na kanilang lupang ninuno. Halimbawa, ang mga katutubong Igorot sa Kordilyera sa Pilipinas ay gumagamit ng unlapi na

‘i’ (na ang ibig sabihin ay “mula”) sa pangalan ng kanilang pinagmulang lugar. Kailangan lamang na tanungin ng mamamahayag kung anong partikular na pangalan ang nais itawag ng mga grupo ng mamamayan sa kanilang mga sarili.

Maraming pamahalaan sa Asya ay may pasubali sa paggamit ng salitang katutubong mamamayan sa kanilang mga bansa. Mas nais nilang gamitin ang mga salitang ‘pangkat etniko’ o ‘minoryang etniko’ para buo-buong tukuyin ang kalipunan ng mga katutubong mamamayan sa kani-kanilang bansa. Ang mga katawagang laganap o opisyal at katanggap-tanggap na katawagan sa mga katutubo sa Asya ay ang mga sumusunod:

Mga terminong ginagamit upang tukuyin ang mga katutubong mamamayan sa Asya:

Bangladesh: Pahari, Jumma, Adivasi, Tribal

Burma/Myanmar: Ethnic Minorities

Cambodia: Indigenous Minorities

China: Ethnic Minorities

India: Scheduled Tribes, Adivasi

Indonesia: Masyarakat Adat

Japan: Indigenous Peoples (ngayon ay opisyal na ginagamit upang tukuyin ang mga Ainu)

Laos: Ethnic Minorities

Malaysia: Orang Asli, Natives, Orang Asal

Nepal: Adivasi, Janajati, Indigenous Nationalities

Pakistan: Adi vaas, Tribal People

Philippines: Katutubong Pamayanang Kultural/
Katutubong Mamamayan

Thailand: Ethnic Minorities, Hill Tribes , Hill/
Mountain People

Vietnam : Ethnic Minorities

*Pinagmulan: AIPP and IWGIA Who we are – Indigenous Peoples
in Asia. Chiang Mai 2010*

Ang ibang pangalan na ginagamit ng mga hindi katutubo ay malimit na may mapanirang kahulugan o di kaya ay nagpapahiwatig na sila ay may mas nakakababang kultura, tulad ng pagiging “primitibo”, “hindi sibilisado”, o “atrasado.” Ang mga terminong ito ay nakasasakit at dapat na iwasang gamitin. Ang ilang halimbawa ng mga ito ay ang sumusunod:

Mga mapanirang termino na ginagamit upang tukuyin ang mga katutubong mamamayan:

Cambodia: chuncheat (ibig sabihin ay “etnisidad”, sa literal na salin ay “mamamayang pambansa”)

Bangladesh: upajati (“pantribu”)

Thailand: sakai (sa literal na salin ay “alipin”) ginagamit upang tukuyin ang mga grupong nangangaso o nangangalap sa gubat

China: fan “primitibong mamamayan” unang ginamit ng mga Tsinong Han noong sila ay pumunta sa isla ng Taiwan

Pinagmulan: AIPP and IWGIA. Who we are – Indigenous Peoples in Asia. Chiang Mai 2010

Anong bahagdan ng populasyon ng Asya ang mga katutubong mamamayan?

Sa buong mundo, ang mga katutubo ay tinatayang bumibilang sa 370 milyon, bumubuo sa humigit-kumulang 4.4% ng populasyon ng mundo. Tinatayang nasa 2/3 ng kabuuang 370 milyong populasyon ng mga katutubo sa buong mundo ay naninirahan sa Asya.

Ilang Estado lamang sa Asya at kumikilala sa mga katutubong mamamayan. Kung gayon, mahirap na magbigay ng tiyak o kahit na tantiyang populasyon ng mga katutubong mamamayan sa rehiyon, sa dahilang hindi isinasama ang mga katutubong mamamayan sa paghahanda sa mga pambansang senso. Halos walang maituturing na maasahang datos ng katutubong populasyon sa pambansang antas. (AIPP, IWGIA 2010)

May malawak na pagkakaiba-iba ang mga katutubo sa Asya, maging ang mga katutubo na nasa loob ng iisang bansa. Halimbawa, sa Vietnam ay may 53 pangunahing pangkat etniko; sa Burma mayroong 8 pangunahing pangkat etniko, at mahigit 100 na minor na pangkat etniko; sa Pilipinas, may 110 na kinikilalang Katutubong Pamayanang Kultural o katutubong mamamayan. Kalakhan ng mga grupo ng mga katutubong mamamayan ay may maliit na mga bilang. Ang ibang mga katutubong populasyon ay bumibilang sa ilang libo, ang iba naman ay ilang daan lamang.

Tala: Para sa bilang mga mga pangkat etniko at populasyon ng mga katutubong mamamayan sa Asya, maaaring sumangguni sa: AIPP and IWGIA. Who we are – Indigenous Peoples in Asia. Chiang Mai 2010

Ano ang pinagkaiba ng mga katutubong mamamayan sa mga grupong minorya o dominanteng pangkat etniko?

Ang mga katutubong mamamayan ay ang mga mamamayang namuhay sa kanilang mga komunidad bago pa man ang panghihimasok ng mga dayuhan, ipinagtanggol at napanatili nila ang kanilang lupa, teritoryo, at mga rekurso. Sa loob ng maraming taon, sa mahigpit na ugnayan sa kalikasan at kapaligiran, ang mga katutubong mamamayan ay nakapagbuo ng kanilang natatanging kultura at kolektibong pagakakakilanlan.

Lahat ng mga katutubong mamamayan ay may sariling wika, kultura, kinaugaliang batas, at mga sosyal at pulitikal na institusyon na kaiba sa mga dominanteng pangkat etniko sa bawat bansa. Habang may malawak na pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga katutubong mamamayan, komun sa mga katutubo ang mahigpit na pagkapit ng kultura sa lupa, at ang malapit na dependence sa lupa, kagubatan, at iba pang likas na yaman para sa kanilang tradisyunal na kabuhayan. Ang lupa ang pinagmumulan ng kanilang buhay at batayan para sa kanilang identidad bilang mga katutubo. Ang mataas na pagpapahalaga sa lupa at mga rekurso ay anif marka ng pagiging isang katutubo. (AIPP, IWGIA 2010)

Ang mga katutubo ay nakolonisa at patuloy na nakakaranas ng diskriminasyon. Sila ay dominated at marginalized sa pulitika, ekonomiya, kultura, at sosyal at sa proseso ng pagbubuo ng bansa at sa globalisasyon sa pamamagitan ng mga polisiya ng asimilasyon o integrasyon. Sa kabila ng mga ito, ang mga katutubo ay nanatiling buhay, at patuloy na iginigiit ang kanilang mga karapatan at identidad sa pamamagitan ng kanilang pakikibaka para maipagtanggol ang kanilang lupa, teritoryo, at rekurso.

Ang mga katutubo ay nagtataglay ng likas at kolektibong karapatan, na kinikilala ng iba't ibang internasyunal na kapulungan, instrumento, at pamantayan. Ang kolektibong karapatan ng mga katutubo na nakasaad sa Deklarasyon ng UN sa mga Karapatan ng mga Katutubo (UNDRIP) ay likas na karapatan ng mga katutubo, na kinikilala rin ng iba't ibang internasyunal na instrumento kabilang ng, liban sa iba pa, ang Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao, ILO Convention 169, Internasyonal na Kasunduan sa Sibil at Pulitikal na Karapatan, at International Convention on the Elimination of all forms of Racial Discrimination. (AIPP, IWGIA, Forum-Asia 2010)

Ang Deklarasyon ng UN sa mga Karapatan ng mga Katutubo (UNDRIP), na pinagkasunduan noong Setyembre 2007 ng Pangkalahatang Asambleya ng UN, ay nagtatakda ng mga minimum na pamantayan sa pagkilala ng kolektibong karapatan ng mga katutubo. Ito ay naglalalatag ng mga kinakailangang hakbang upang masagot ang partikular na sitwasyon ng mga katutubong mamamayan sa pagwawasto ng kawalang katarungan at diskriminasyon sa mga katutubo sa kasaysayan. (AIPP, IWGIA 2010)

Ang mga mayor na bungkos ng karapatan ng mga katutubong mamamayan ay ang mga sumusunod:

Karapatan sa Lupa, Teritoryo, at Rekurso

Ang karapatang ito ay nasa Artikulo 25 at 26 ng UNDRIP, na nagsasaad “Ang mga katutubo ay may karapatan sa kanilang lupain, nasasakupan at likas na yaman. Ang mga Estado ay dapat magbigay ng ligal na pagkilala at proteksyunan ang mga lupaing ito, teritoryo at likas-yaman. Ang pagkilalang ito ay dapat isagawa na may paggalang sa kaugalian at tradisyon ng sistema ng pag-aari ng lupa ng mga katutubo”.

Karapatan sa Sariling Pagpapasya

Ayon sa Artikulo 3 ng UNDRIP, “Ang mga katutubo ay may karapatan ng sariling pagpapasya. Sa pamamagitan ng karapatang ito sila ay malayang nagtatakda ng kanilang estadong pampulitika at malayang naisusulong ang pang-eknomiya, panlipunan at kultural na pag-unlad.” Sa Artikulo 4, pinapalawig na “sa pagsasagawa ng kanilang karapatan ng sariling pagpapasya, (ang mga katutubo) ay may karapatan sa otonomiya o sariling pamamahala sa mga bagay hinggil sa kanilang panloob at lokal na usapin.” Subalit sa Artikulo 46 ng Deklarasyon, idinidiin na walang ano mang laman ng Deklarasyon ang maaring pakahulugan na nagbibigay ito sa kahit sinong grupo o indibidwal ng karapatan na magsagawa ng anumang gawain o hakbang na makakapinsala ng integridad ng teritoryo o pampulitikang pagkakaisa ng mga Estado.

Karapatan sa Malaya, Nauuna, at Napaalamang na Pagsang-ayon (Free Prior and Informed Consent, FPIC)

Ang FPIC ay nangangahulugan na ang mga katutubo ay may karapatan na tanggapin o tanggihan ang mga proyekto o kahit anumang interbensyon sa kanilang pamayanan o nasasakupan, o di kaya ay ang magtakda ng mga kondisyon sa pagpapatupad ng mga proyekto na naayon sa kolektibong proseso ng pagdedesisyon. Partikular na mahalaga ang nakasaad sa Artikulo 10, “Ang mga katutubo ay hindi maaari na sapilitang paalisin sa kanilang lupain o nasasakupan. Walang paglikas na maaring isagawa kung walang malaya, nauuna, at napaalamang pagsang-ayon, at, matapos ng kasunduan sa pagbibigay ng naayon na kabayaran, at kung ito ay nauukol, may karapatang makabalik.”

Karapatan sa Pag-Unlad

May ilang mga artikulo sa Deklarayon na tumutukoy sa kaunlaran (artikulo 3, 20, 21, 23, 29, at 32.) Sa kabuuan, ang mga artikulong ito ay nagbibigay ng karapatan sa mga katutubo na magpanatili at paunlarin ang kanilang pulitikal, ekonomiko, at sistemang panlipunan at institusyon at masiguro ang kanilang sariling pamamaraan ng likas na kakayahan at kunlaran, kasama rito ang kalayaan na gawin ang tradisyunal at iba pang gawaing pang-ekonomiya. Ang pinagkaitan ng mga ito ay mga karapatan sa

patas at angkop na pagwawasto.

Karapatan sa Kultura

Ang karapatan sa kultura ay itinakda sa Artikulo 8 ng Deklarasyon na nagsasaad na, “Ang mga katutubong mamamayan at indibidwal ay may karapatan na hindi maisailalim sa sapilitang asimilasyon at pagkawasak ng kanilang kultura, at ang mga Estado ay kailangan magbigay ng mabisang pamamaraan upang mapigilan at magbigay ng patas at angkop na pagwawasto sa sapilitang asimilasyon.”

Karapatan sa Impormasyon

Mahalaga rin ang pagrespeto sa karapatan ng mga katutubong mamamayan sa impormasyon at sa kalayaan sa pagpapahayag sa paggamit ng kanilang karapatan. Ang karapatang ito ay kinikilala sa Artikulo 16 ng UNDRIP na nagsasaad na: “Ang mga katutubo ay may karapatan na magtayo ng sariling midya sa kanilang sariling wika at magkaroon ng pagkakataon na makapasok sa lahat ng media na hindi pag-aari ng mga katutubo na walang diskriminasyon.” At, “Ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang pamamaraan para tiyakin na ang mga midya na pag-aari ng Estado ay nagsasalarawan ng pagkakaiba-iba ng katutubong kultura. Titiyakin ng mga Estado na may pagsasalang-alang sa buong kalayaan ng pagpapahayag, na dapat hikayatin ang mga midyang may pribadong pag-aari na hustong isalarawan ang pagkakaiba-iba ng katutubong kultura.”

Higit pa, sa Artikulo 19 ng Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Pantao ay nagsasaad na: “Ang bawat tao’y may karapatan sa kalayaan ng pagkukuro at pagpapahayag; kasama ng karapatang ito ang kalayaan at kuru-kuro nang walang panghihimasok at humanap, tumanggap at



**Anu-ano ang mga
karaniwang isyung
kinakaharap ng
mga katutubong
mamamayan sa Asya?**

Ang mga katutubong mamamayan sa Asya ay karaniwang humaharap sa isyu ng marginalization at diskriminasyon. Kasama dito ang mga sumusunod:

1. Ang di-pagkilala sa pagiging katutubo

Maraming estado sa Asya ang hindi kumikilala sa pagkakaroon ng mga Katutubong Mamamayan sa kanilang nasasakupan. Ang posisyong ito ay batay sa palagay na ang lahat ng mamamayan sa kanilang bansa ay “pantay na katutubo,” sa kagustuhan ng mga Estado na asimilahin ang mga katutubong mamamayan sa pangunahing agos ng pambasang lipunan. Ito ay nagpapahayag lamang ng malaganap na diskriminasyon laban sa mga katutubo, na itinuturing na atrasado at dapat na asimilahin sa mas malawak na lipunan. Marami sa mga programa ng pamahalaan, tulad ng sapilitang edukasyon at relokasyon, ay nagiging daan sa pagkawala ng katutubong kultura at identidad na nagpapabilis ng kanilang asimilasyon sa pangunahing agos ng lipunan.

Ang isa pang isyu ay ang hindi pagkilala sa pagiging pagkamamamayan ng mga katutubo sa mga bansa. Sa Thailand, halos kalahati ng mga katutubong populasyon ay hindi kinikilalang mamamayan ng Thailand sa dahilang wala sila ng mga kinakailangang dokumento katulad ng rehistro ng kapanakan. Ang kawalan ng pagkamamamayan ay nagpapalala sa pagiging bulnerable ng mga katutubo sa paglabag sa kanilang karapatang pantao.

2. Agresyon sa Pag-unlad at ang Paglabag sa Karapatan sa Lupa, Teritoryo, at Rekurso

Isang karaniwang suliranin ng mga katutubong mamamayan ay ang mga tinatawag na proyektong pang-kaunlaran na iginigiit sa kanila ng walang pahintulot, na nagreresulta sa pagkuha at pagsasamantala sa kanilang likas na yaman at pagkawasak ng kanilang lupa at nasasakupang kalupaan. Ang panghihimasok ng mga mapanirang proyektong ito na walang malinaw na benepisyo para sa mga katutubo ay tinatawag na agresyon sa pag-unlad. Ang mga proyektong ito ay paglabag sa karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupa, teritoryo, at rekurso.

3. Di-Pagkilala sa Tradisyunal na Gawaing Pangkabuhayan

Ang mga tradisyunal na kabuhayan tulad ng pagtatanim ng palay, palipat-lipat na pagbubungkal ng lupa o pagkakaingin, pangangaso at pangangalap sa kagubatan, pangingisda, maliitang pagmimina, at iba pa, ay ginagawa ng maliitan ng mga katutubong pamilya. Sa loob ng maraming salinlahi, ito ay likas-kayang bumuhay sa mga katutubo. Ito ay nagbibigay ng kabuhayan habang pinangangalaagan nito ang mga likas na yaman mula sa labis na eksploytasyon.

4. Migrasyon at Sapilitang Pagpapalipat

Maraming mga katutubo ang pinilit lumipat sa ibang mga pamayanan o bansa dahil sa magkakaibang dahilan. Kasama sa mga dahilang ito ay ang mga marahas na labanan, pampulitikang panunupil, labis na kahirapan sa kanilang pamayanan, at pagpapalayas dahil sa mga malakihang proyektong imprastraktura tulad ng mga dam, na lumulunod sa mga katutubong komunidad.

Ang ilang pamahalaan sa Asya ay nagpapatupad ng polisiya sa transmigrasyon, tulad ng paglilipat ng malalaking bilang ng mga hindi katutubo na setler sa mga lupain ng mga katutubo. Ang migrasyon at sapilitang pagpapalipat ay may malubhang epekto sa mga katutubo dahil ito ay nagkakait sa mga katutubo ng kanilang lupa at rekurso. Ginagawa silang minoridad sa kanilang nasasakupan, at ito ay may malubhang epekto sa kalidad ng kanilang buhay.

5. Paglabag sa Karapatan ng Kababaihang Katutubo

Ang mga katutubong kababaihan at bata ay bahagi ng pinakabulnerableng sektor ng lipunan at nangangailangan ng espesyal na proteksyon. Subalit, ang diskriminasyon, karahasan, at pagbubukod sa mga kababaihang katutubo ay malaganap sa mga bansa sa Asya. Sa kabila ng mahalagang kontribusyon nila sa produksyong agrikultura, mga likas-

kayang aktibidad at gawaing pantahanan, dominado ng mga kalalakihan ang mga tradisyunal na katutubong pamayanan sa Asya, at ang mga kababaihang katububo ay may karampot, at minsan ay hindi isinasangkot, sa proseso ng pagpapasya sa lokal at pambansang antas.

6. Pampulitikang panunupil, militarisasyon at karahasan laban sa mga katutubong mamamayan

Ang mga lokal na pakikibaka ng mga katutubo upang igiit ng kanilang kolektibong karapatan laban sa agresyon sa pag-unlad ay tumungo sa paglabag sa kanilang karapatang pantao. Ang ilan sa mga biktima nito ay ang mga katutubong lider at ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Sila ay nakararanas ng pananakot, pagbabanta, panliligalig, arbitraryong pag-aaresto at iba pang paglabag sa karapatang pantao.

Ang militarisasyon ng mga katutubong pamayanan ay karaniwan, lalo na sa mga lugar na may paglaban sa agresyong dala ng mga proyektong pangkaunlaran. Ang mga pamahalaan ay gumagamit ng militarisasyon sa kanilang programang kontra-insurhensiya at sa pagpapatupad ng drakonikong batas para umano tiyakin ang pambansang seguridad.



Praktikal na Gabay para sa mga Mamamahayag

Paano ka magiging sensitibo sa pagkalap ng impormasyon at pakikipag-ugnayan sa mga katutubong mamamayan?

1. Makipag-usap sa pamamaraang madaling maiintindihan.

